Espesyal na Isyu Marso 29, 2006 www.philippinerevolution.org


# Makibaka upang pabilisin ang pagpapatalsik sa rehimeng Arroyo at upang palakasin ang rebolusyonaryong kilusan

Mensahe ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas sa mga kadre ng Partido, Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan

Sa ngalan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), ipinapahayag ng Komite Sentral ang pinakamainit na rebolusyonaryong pagbati sa mga kadre ng Partido, Pulang kumander at mandirigma sa masayang okasyon ng ika-37 anibersaryo ng pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Nagpupugay kami sa inyo sa mga tagumpay sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng sambayanang Pilipino sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan laban sa imperyalismong US at mga lokal na mapagsamantalang uring malalaking kumprador at panginoong maylupa.

Pinararangalan namin ang lahat ng kadre ng Partido, mga Pulang kumander at mandirigma na nagambag sa mga tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan mula 1969. Binabati namin kayo sa inyong mga nakamit sa gawaing masa at pagsusulong ng digmang bayan noong nakaraang taon. Pinupuri namin ang lahat ng Pulang kumander at mandirigma sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba sa buong bansa.

Iginagawad namin ang pinakamataas na parangal sa ating mga rebolusyonaryong martir. Inspirasyon natin ang kanilang kabayanihan, pagpupunyagi at pagsasakripisyo. Gawin natin silang huwaran at ibayong bigyan ng kahulugan at katarungan ang kanilang pagkamartir sa pamamagitan ng magiting at puspusang pakikipaglaban. Batay sa natipon nating



lakas, pinagtitibay nating muli ang ating kapasyahang isulong ang rebolusyong Pilipino.

Kinakaharap ngayon ng sambayanang Pilipino ang buhong na rehimeng Arroyo. Inagaw ng rehimeng ito ang kapangyarihan sa pamamagitan ng pandaraya sa eleksyon at determinado itong kumapit sa poder sa pamamagitan ng pinakamaruruming paraan. Sukdulan ang pangangayupapa nito sa imperyalismong US at taglay nito ang pinakamasasahol na katangian ng mga lokal na nagsasamantalang uring malalaking kumprador at panginoong maylupa. Walang sinasanto ang katiwalian, kalupitan, katusuhan at kasinungalingan nito. Sinisikap nitong durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa pagnanais na sugpuin ang lahat ng anyo ng paglaban sa pang-aapi at pagsasamantala.

Kaya hinihikayat namin kayo na ipagpatuloy at paigtingin pa ang pambansang koordinadong mga taktikal na opensibang sinimulan noong kalagitnaan ng Setyembre ng nakaraang taon. Pabilisin natin ang bwelo ng ating mga taktikal na opensiba. Ang mga ito ang pinakamagandang maitutugon ng bayan at mga rebolusyonaryong pwer-

sa sa nag-iibayong terorismo ng estado at paglitaw ng pasistang diktadura. Dapat tayong lumaban upang pabilisin ang pagpapatalsik sa rehimeng Arroyo at pala-

kasin ang rebo-

lusyonaryong kilusan. Ang plano natin ay pasukin at pahinugin ang panggitnang yugto ng estratehikong depensiba ng digmang bayan.

### Ang kabulukan at pagkakahiwalay ng rehimeng batbat ng krisis

Mula 2001, labis na pagdurusa ang idinudulot ng rehimeng Arroyo sa malawak na masa ng sambayanan. Ipinataw nito sa bayan ang pinakamasasamang patakarang nagsasamantala at umaapi sa mamamayan at naqsisilbi sa kahayukan ng dayuhang monopolyong kapitalismo, lokal na pyudalismo at burukratang kapitalismo. Ipinapapasan nito sa mamamayan ang lahat ng pabigat na dulot ng palagiang krisis ng naghaharing malapyudal at malakolonyal na sistema at pandaigdigang sistemang kapitalista.

Ibayo pang ipinapataw ng rehimeng Arroyo sa sambayanang Pilipino ang patakaran ng globalisasyong neoliberal na dikta ng US, at sa gayo'y nilalabag nito ang kanilang soberanyang pang-ekonomya at ibinebenta ang kanilang pambansang patrimonya. Ang liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon ay para sa kapakinabangan ng mga dayuhang monopolyo at kapahamakan ng buong bansa, ng anakpawis, ng kababaihan, mga bata at ng kalikasan.

Wala pang kapantay ang lubha ng krisis sa ekonomya. Ang lokal na manupaktura at produksvon ng pagkain ay bumagsak sa bigat ng labis na importasyon. Nakahapay ang produksyon ng mga hilaw na matervales at mga malamanupakturang may mababang dagdag-halaga dahil sa sobrang suplay at bagsak na presvo sa pandaigdigang pamilihan. Gumagastos ng malaki ang reaksyunaryong estado sa maanomalya at pinamahal na mga suplay para sa makinaryang burukratiko at militar. Ang militar, pulisya at mga bulaang operasyong paniktik ay binibigyan ng higit na prayoridad sa pondo kaysa mga saligang serbisyong panlipunan tulad ng edukasyon at kalusugan.

Walang kapantay sa nakaraan ang kalubhaan ng krisis pampinansya. Bangkrap ang reaksyunaryong estado. Ang pagbabayad sa pampublikong utang ay katumbas ng mahiqit 90% ng nalilikom na buwis at mahigit 30% ng badvet ng qubyerno (di pa kabilang ang mga dayuhang utang na di pa sinasagot ng estado). Walang kontrol ang rehimeng Arroyo sa pangungutang sa loob at labas ng bansa upang tapalan ang patuloy na lumalaking depisit sa badyet at kalakalan at likhain ang ilusyon ng pag-unlad sa lokal na produksyon. Nangungutang ito sa labas ng bansa sa ilalim ng mas mabibigat na kundisyong komersyal.

Tinitiyak nito sa mga kumpanya at bangkong multinasyunal na ang ekonomya ng Pilipinas ay mapasisigla ng tripleng kumbinasyon ng bagong panlabas at lokal na utang, remitans mula sa mga migranteng manggagawang Pilipino at malaking dagdag na buwis. Gumigipit sa masang anakpawis at mga panggitnang saray ang pagpapataw ng expanded value-added tax sa harap ng bagsak na kalagayan ng ekonomya. Nagbubunsod iyon ng panlipunang diskuntento at paglaban.

Napakataas ng antas ng kabuuang disempleyo—halos 50% ng pwersa ng paggawa ang aktwal na walang hanapbuhay. Ang nominal na kita ng mamamayan ay laging tinatagpas ng sumisirit na presyo ng mga saligang kalakal at serbisyo. Ang pangkalahatang pagbagsak ng halaga ng piso ay naiibsan lamang sa pagpasok ng mga pautang mula sa labas ng bansa. Sumasahol ang mga serbisyong panlipunan, laluna sa edukasyon at ka-

lusugan, habang lumalaki naman ang mga sinisingil sa mamamayan.

Mahigit 80% ng populasyon ay nagdarahop. Karamihan sa kanila ay nabubuhay sa kulang US\$2 o P104 kada araw. Taun-taon, nagbibingi-bingihan ang rehimen sa kakarampot na ₱125 daqdaq sa arawang minimum na sahod na iginiqiit ng mga manggagawa. Ipinaiilalim ang masang magsasaka sa pinasisidhing mga anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala. Hinahaqupit sila ng salot ng pangangamkam ng lupa, arbitraryong pagtataas ng upa sa lupa, usura, napakababang presyo ng kanilang mga produkto, mababang pasahod sa gawaing bukid at kawalan ng iba pang mapagkakakitaan. Pinoproblema ng karamihan kung paano makakakain nang tatlong beses sa isang araw. Ang mga bata at ang kanilang mga ina sa mga maralitang komunidad sa lunsod at kanayunan ang dumaranas ng pinakamatinding haqupit ng gutom at malnutrisyon.

Malisyosong nakiangkas ang rehimeng Arroyo sa islogang "gera laban sa terorismo" ng US para magamit itong lisensya sa pangaapi sa mamamayan, laluna sa masang manggagawa at magsasaka at mga pambansang minorya. Ang mga unyonista ay inaakusahan nitong terorista sa mga pabrika at ang militar at pulisya ay karakaraka nitong ginagamit sa pag-atake at pagpatay sa mga nagwewelgang manggagawa. Binuo at ginagamit nito ang Oplan Bantay Laya sa paghahasik ng mga kampanyang panunupil laban sa masang magsasaka at mga larangang gerilya upang pagsilbihan ang interes ng mga lokal na panginoong maylupa at mga korporasyong dayuhan.

Kinakamkam nito ang lupa ng mga magsasaka at pambansang minorya at lalong ibinubukas ang mga likas na yaman sa mga korporasyong dayuhan at malakingAng rehimeng Arroyo ay isang traydor na rehimeng laging nagsusumamong suportahan ng US.

kumprador na interesado sa pagmimina, pagtotroso, agrikultura at mga yamang-dagat. Nakababahala ang kagyat na mga pinsalang idinudulot nito sa lipunan at kalikasan. Permanente ang pinsala sa bahagi ng mga yamang mineral na hindi na maibabalik. Ngunit dahil sa kawalan ng pangangalaga sa kagubatan at reforestation, nagiging permanente na ang pagkakalbo ng kagubatan at nagiging sanhi ito ng mga pagbaha, pagguho ng lupa at taqtuyot.

Bukod sa pagpapakat ng mga konsentradong pwersa at mga special operations team, layunin ng Oplan Bantay Laya na sindakin ang mamamayan sa pamamagitan ng pagdukot, pagtortyur at pagpaslang ng mga death squad sa mga lider at kasapi ng mga progresibong organisasyong masa at mga grupong party list, mga aktibista sa karapatang-tao, mga pari at pastor, mga titser, mga abugado at mamamahayag na aktibong nagtatanggol sa interes ng bayan. Nakahanda ngayon ang rehimen na ikalat ang mga death squad sa pambansang kabisera at pag-ibayuhin ang mga pagkilos ng mga ito sa mga lunsod sa prubinsya upang suportahan ang mga yunit ng militar at pulisya na arbitraryong nang-aaresto, nanghahalughog, nananamsam at nanunupil sa mga kilos-protesta.

Tampok sa Oplan Bantay Laya ang inihayag na layunin nitong wasakin ang hinihinalang pampulitikang imprastruktura ng rebolusyonaryong kilusan. Nakapadron ito sa Plan Phoenix sa gera ng US sa Vietnam noong huling bahagi ng dekada 1960 at binalangkas mismo

ng Cabinet Oversight Committee for Internal Security (COC-IS) sa pamumuno ng malalaon nang ahente ng US tulad nina Gen. Eduardo Ermita at *national security* adviser Norberto Gonzales.

Sa dahas umaasa ang rehimeng Arroyo sa pagsansala at paglaban sa kilusang masa at malawak na nagkakaisang prente ng mga ligal na pwersa na nagsisikap patalsikin o pwersahing magbitiw si Arroyo sa paraang mapayapa at di marahas, katulad ng pagpapatalsik kay Marcos noong 1986 at kay Estrada noong 2001. Kinatatampukan ito ng pag-aalsa ng mamamayan at paghikayat sa pagtalikod ng militar at pulisya sa rehimen upang bigyangdaan ang isang bagong gubyernong sibilyan. Gayunman, pinalalabas ng rehimen at mga alipures nito na ang pag-iwas ng militar at pulisya na gumamit ng dahas laban sa mga pwersang oposisyon ay aktong paqkukudeta.

Sa paggamit ng kabangisan, umiqpaw na ang rehimen mula sa tinaguriang calibrated preemptive response bilang paghadlang sa mamamayan sa paggamit ng kanilang karapatan sa malayang pagtitipon at pamamahayaq, tungo sa paqangkin ng mga kapangyarihang pambatas-militar sa ngalan ng deklarasyon ng state of national emergency tulad ng Proclamation 1017. Kahit matapos bawiin ang proklamasyon bunsod ng malawakang pagtutol, patuloy ang rehimeng Arroyo sa pang-aaresto nang walang mandamyento, pagdedetine nang walang taning, panrereyd at pagbabantang ipasasara ang masmidya at kokontrolin ang mga pampublikong yutilidad.

Upang makapanatili sa poder at makapagpalawak ng kapangyarihan, sinisikap ng rehimeng Arroyo na buwagin ang malawak na nagkakaisang prenteng lumalaban dito sa pamamagitan ng pagtatangkang wasakin ang mga ligal na pwersang

patriyotiko at progresibo. Umaasa rin itong mapipilay ang armadong rebolusyonaryong kilusan sa pagwasak sa ligal na mga pwersang patriyotiko at progresibo. Sinasabi ni Arroyo at ng kanyang Cabinet Oversight Committee o grupong nangangasiwa sa Internal Security na lisensyado na ito ng US na patayin ang mga komunista at pwersang patriyotiko sa ngalan ng anti-terorismo, kanselahin ang eleksyon sa 2007, hadlangan ang pananalo ng mga partido ng ligal na oposisyon at ang pag-impeach nila kay Arroyo, at hawanin ang daan para sa "cha-cha", ang pag-amyenda sa konstitusyong 1987 sa paraang pinakahahangad kapwa ng rehimeng Arroyo at mga impervalistang US.

Nakatakdang umangkin ang rehimeng Arroyo ng mga awtokratikong kapangyarihang katulad ng nakuha ni Marcos sa konstitusyong 1973 sa huwad na transisyon mula presidensyal tungong parlamentaryong anyo ng gubyerno.

Layunin din nitong palabnawin ang malilinaw na garantiyang halaw sa doktrinang Miranda at burahin ang mga restriksyon sa paggamit ng kapangyarihang pambatasmilitar. Kapalit nito, and US at iba pang dayong monopolyong korporasyon ay papayagang lubos na magmay-ari at kumontrol ng lupain, likas na yaman, mga pampublikong yutilidad at lahat ng negosyo. Ang mga pwersang militar ng US av maaari ring magmantine ng mga base militar, mga tropang pangkombat at armas nukleyar sa teritoryo ng Pilipinas.

Ang rehimeng Arroyo ay isang traydor na rehimeng laging nagsusumamong suportahan ng US. Wala itong natutunan sa paglitaw at pagbagsak ng pasistang rehimeng Marcos. Noong una'y nakinabang si Marcos sa suporta ng US habang sumusunod sa mga dikta nito. Ngunit bandang huli, binitiwan din siya ng US nang rumurok ang mala-

wak na nagkakaisang prente ng mga pwersang antipasista at ang kilusang masa laban sa malulupit na hakbanging ipinatupad niya at ng kanyang mga kampon sa militar.

Nang simulan ni Marcos ang kanyang pasistang diktadura noong 1972, ang pangingibabaw ng mga patakarang Keynesian ay nagpahintulot sa kanya na makapangutang nang malaki na nagamit naman niya para palakasin ang reaksyunaryong armadong pwersa. Mayroon pa noong 19,000 tropa at malalaking baseng panghimpapawid at nabal ang US sa Pilipinas, at kapalit ay tumanggap si Marcos ng maraming pondo at pautang na pangmilitar. Subalit and pagbaling ng US sa patakarang neoliberal ay nagtulak sa mga rehimeng sumunod sa rehimeng Marcos, laluna kina Ramos at Arroyo, na tambakan ang bansa ng mabibigat na pautang mula sa mga dayuhang bangkong komersyal at pamilihan ng mga bono.

Sa kabila ng malaking halaga ng suportang militar at pinansyang ibinigay ng US kay Marcos sa loob ng 14 na taon ng pasistang diktadura, lumakas at sumulong ang rebolusyonaryong mamamayan at mga pwersang pinamumunuan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Hanggang ngayon, patuloy silang yumayabong sa hanay ng mamamayan. Isa nang tampok na penomenon sa buong mundo ang armadong rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas. Napatunayan nitong kaya ng rebolusyonaryong mamamayan at mga pwersa na tagalan at labanan ang anumang maaaring ihasik ng US sa isang malakonya.

Sa ilalim ng Visiting Forces Agreement, tuwirang nanghihimasok ang militar ng US sa Pilipinas, noong una sa ngalan ng paglulunsad ng magkasanib na pagsasanay kasama ang mga papet na armadong tropa ng Pilipinas at malaon sa ngalan ng paglaban sa mga "teAng pinakamatingkad na bagong pangyayari sa reaksyunaryong armadong pwersa at pulisya ay ang pagkakahati ng mga ito sa mga kumakampi at kumokontra kay Arroyo.

roristang Muslim" sa Pilipinas bilang "ikalawang larangan" ng tinaguriang gera ni Bush laban sa terorismo. Pero hanggang ngayon, malinaw na bigo ang mga magkasanib na operasyon ng US at mga papet na tropang Pilipino sa pagwasak sa Abu Sayyaf, isang maliit na grupong kriminal sa isang maliit na bahagi ng Pilipinas, maliban na lang kung sadya itong hinahayaan upang patuloy na maisangkalan para sa pagpapasok ng US ng mga pwersang militar sa ngalan ng paglaban sa umano'y terorismong Islamiko.

Gayunman, laging may mga hangganan ang kapangyarihang militar ng US. Noong panahon ni Marcos, abala ang US sa mga gerang agresyon laban sa Vietnam at iba pang mamamayang Indochinese at sa marami pang kaguluhan sa ibang bahagi ng mundo. Ngayon higit kailanman, lalong sobra ang pagkabanat nito. Nababahura ito sa Iraq kunq saan maraming tauhan at rekurso ang sinasayang nito habang nababawasan ang pansin nito sa ibang bahagi ng mundo. Habang abalang kinatatakaman ng US ang yamang langis sa Middle East at Central Asia, inilalantad naman nito ang mga kahinaan at bulnerabilidad nito sa East Asia, South Asia, Latin America at iba pang lugar.

Ubod ng bulok ang US sa ekonomya at pinansya. Lubha itong hinahagupit ng krisis ng sobrang Kumikilos ang BHB sa mahigit 120 larangang gerilya na sumasaklaw ng 800 munisipalidad sa 70 sa kabuuang 79 na prubinsya ng Pilipinas.

produksyon. Nabubuhay ang US sa panghuhuthot sa ibang impervalistang bansa at ilang dependyenteng bansa sa pamamagitan ng pag-akit ng pamumuhunan mula sa kanila at pambabarat sa halaga ng mga iniimport ng US. Pinalalabas nitong "lumalago" ang gross domestic product (pangkalahatang produksyon sa loob ng bansa) na bundat sa pagkonsumong pinondohan ng dayuhang salapi (foreign-financed consumption), bula ng pabahay, labis na paggasta ng gubyerno sa militar at pambansang seguridad at pinalaking halaga ng mga pamumuhunan sa produksyong militar, ispekulasyon sa pabahay at sa latak ng pumutok nang bula ng hitech.

Ang totoo'y nasa depresyon ang mundo, at pinakamasama ang kalagayan ng nakararaming bansang atrasado at prodyuser ng mga hilaw na materyales. Subalit ang ilusyon ng pandaigdigang pagunlad ng ekonomya ay nililikha ng neoliberal at monetaristang manipulasyon ng patakaran sa pananalapi at pinansya sa lahat ng imperyalistang bansa at ilang dependyenteng bansa tulad ng China, India at Brazil. Posibleng mapalago ang GDP sa pamamagitan ng pagpapalaki ng daloy ng pinansya tungo sa konsumo, qubyerno at pamumuhunan nang hindi pinatataas ang produksyong industriyal at reqular na empleyo. Kaya may penomenon ng paglagong walang nalilikhang trabaho o kinatatangian ng nakapakong pasahod.

Hindi malulutas ng anumang

panlabas na pwersa ang krisis sa ekonomya ng Pilipinas. Lumala at lumalim ang krisis sa ekonomya at lipunan dahil nga mismo sa mga patakarang dikta ng US at mga ahensyang multilateral na kontrolado ng US tulad ng IMF, World Bank at WTO. Lalo pang lalala ang krisis habang lalong nakikipagsabwatan ang US at iba pang imperyalista sa malalaking kumprador, panginoong maylupa at burukratang kapitalista.

Sa ilalim ng kasalukuyang sosyo-ekonomikong krisis, lalo lamang lulubha ang krisis sa pulitika. Kumupas na ang mga palamuti ng demokrasyang burges na napanumbalik nang bumagsak si Marcos. Sanhi na naman ng lumulubhang krisis, hindi na makapaghari sa dating paraan ang mga reaksyunaryong uri. Malinaw na inilalantad ng Proclamation 1017 ang tendensya ng naghaharing pangkatin na ipataw sa mamamayan ang lantarang paghaharing terorista.

Higit kailanman, lalong sumidhi at naging mas marahas ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryo. Lalong naging tiwali at mapaniil ang mga reaksyunaryong nasa poder. Ang mga reaksyunaryong wala sa poder ay mas maaqap sa paqlalantad sa masasamang gawa ng mga nasa poder. Nahihiwalay sa hanay ng mga reaksyunaryo ang naghaharing pangkating Arroyo dahil sa iskandalosong paggamit ng pampublikong pondo upang mamili ng boto at suhulan ang mga upisyal sa eleksyon at militar para dayain ang eleksyon.

Sinisikap ng dumaraming partidong oposisyon na sumakay sa lumalawak na galit ng bayan sa rehimeng Arroyo kaugnay ng iba't ibang usaping pang-ekonomya, panlipunan at pampulitika. Humihina ang naghaharing koalisyon ng mga partidong tinatawag na Lakas-CMD sa pagkalas ng Liberal Party at iba pang partido. Kahit sa loob ng

gabinete ni Arroyo, makabuluhang bilang na ng mga myembro at iba pang matataas na upisyal ang nagbitiw mula kalagitnaan ng nakaraang taon. Naging oposisyon na ang Senado.

Ang pinakamatingkad na baqonq panqyayari sa reaksyunaryong armadong pwersa at pulisya ay ang pagkakahati ng mga ito sa mga kumakampi at kumokontra kay Arroyo. Ang mga upisyal ay nahahati sa di bababa sa limang grupo: ang mga upisval na maka-US at maka-Arroyo, dalawang grupo ng mga upisyal na maka-US pero anti-Arrovo (Coalition for National Salvation ni dating defense secretary Fortunato Abat at YES-ARMS ni retiradong Commodore Aparri) at dalawang relatibong patriyotiko at progresibong grupo ng mga upisval na anti-Arroyo (Para sa Bayan/YOU New Generation at Katipunan ng mga Anak ng Bayan/Makabayang Kawal Pilipino).

May iba pang grupong anti-Arroyo sa militar at pulisya. Nagpaparami sila upang biguin ang kontra-paniktik ng rehimen. Ang pinakamakabuluhang pag-unlad sa kasalukuvang kumukulong pulitika av ang paglitaw ng mga anti-Arroyong grupo ng mga upisyal militar at pulis na handang pumasok sa tigilputukan, alyansa at pakikipagtulungan sa rebolusyonaryong kilusan upang labanan ang rehimeng Arrovo at tumungo sa pagtatayo ng isang patriyotiko at demokratikong qubyerno sa ilalim ng prinsipyo ng kataas-taasang kapangyarihang sibilyan. Iwinawaksi nila ang reaksyunaryong tradisyong militar ng pagpapakatuta sa US at mga lokal na nagsasamantalang uri at pakikibahagi sa mga mumo ng kanilang piqinq.

Ang malaking mayorya ng mga upisyal at karaniwang tauhan ng militar at pulisya ay lumalaban sa rehimeng Arroyo dahil galit sila sa mga napakong pangakong dagdag na sahod at pensyon, dahil naiiskandalo sila sa paggamit sa militar upang dayain ang eleksyong 2004 sa maraming lugar, dahil tutol sila sa pangungurakot ng mga tiwaling heneral sa pondong pang-operasyon at naimpok, at dahil nasusuklam sila sa mabilis na promosyon ng mga upisyal na paborito, kaprubinsya at kamag-anak ni Arroyo at sa garapal na kuneksyon ng mga ito sa pinakamalalakas kumitang sindikatong kriminal na sangkot sa pasugal, pagnanakaw sa mga bangko, kidnap-for-ranson, ismagling, pagbebenta ng iligal na droga, carnapping at iligal na pagtotroso.

Mainam na kundisyon para sa armadong rebolusyon ang malubhang sosyo-ekonomiko at pampulitikang krisis ng naghaharing sistema at ang papasidhing mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryo. Habang nagpupunyagi sa wastong linya ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan, masasamantala ng PKP, BHB at iba pang suhetibong pwersa ng rebolusyon ang paborableng kundisyon upang mabigyang-pansin at maipatupad ang kahilingan ng sambayanang Pilipino para sa rebolusyonaryong pagbabago.

## Mga naipong tagumpay at tuntungan para sa pagsulong

Sa absolutong pamumuno ng Partido, nakaipon ang BHB ng mga tagumpay sa nakaraang 37 taon at nagkamit ng maniningning na tagumpay nitong nakaraang taon. Pinapanguna nito ang pulitika sa lahat ng kilos. Natuto ito nang husto sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at gumaganap sa mga tungkuling itinakda ng Partido sa pulitika, militar, produksyon, organisasyon, kultura at iba pang larangan tag-

lay ang disiplinang bakal.

Isinusulong ng BHB ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka, reporma sa lupa at pagbubuo ng baseng masa bilang magkakasanib na sangkap ng demokratikong rebolusyon. Naglulunsad ito ng armadong pakikibaka upang makatindig bilang panlabang organisasyon at madurog ang mga pwersa ng kaaway. Nagpapatupad ito ng reporma sa lupa upang maipatupad ang demokratikong nilalaman ng rebolusyon at mapakilos ang masang magsasaka bilang pinakamahigpit na alyado ng uring manggagawa. Binibigyang-lakas at sinusuportahan nito ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika at ang mga organisasyong masa ng mga mangqaqawa, maqsasaka, kabataan, bata at aktibistang pangkultura. Ang naturang organisadong baseng masa ang maaasahang bukal ng mga Pulang kumander at mandirigma.

Lumaki ang BHB bilang pangunahing organisasyon ng Partido. Lumaki naman ang Partido bilang bag-as ng pamumunong pampulitika sa loob ng BHB. Ang mga kadre ng Partido, mga Pulang kumander at mandirigma ay laging nakapaloob sa mga takdang yunit at nakapailalim sa mga takdang kumand. Dahil dito, naisasapraktika nila sa araw-araw ang buhay-Partido at madali silang nakapagrerekrut at nakapagsasanay ng mga bagong kasapi ng Partido. Ang mga kadre ng Partido, mga Pulang kuman-

der at mandirigma ay magkakatuwang sa pag-oor-

ganisa sa masa at Partido sa mga lokalidad.

Kumikilos ang BHB sa mahigit 120 larangang gerilya na sumasaklaw ng 800 munisipalidad sa 70 sa kabuuang 79 na prubinsya ng Pilipinas. Ang pinakamainam na kabuuang la-

kas ng bawat larangang gerilya ay isang kumpanyang may malalakas na riple, na mahahati sa isang platun bilang sentro de grabidad o pangunahing yunit gerilya at dalawa pang platun bilang sekundaryong yunit gerilya, na mahahati naman sa mga iskwad at tim para sa gawaing masa sa mas malawak na saklaw.

May kakayahan ang BHB na magkonsentra ng mga platun, pinalaking platun at ganap na kumpanya para maglunsad ng mga taktikal na opensiba at magpatupad ng batas ayon sa iba't ibang antas ng pag-unlad ng mga larangang gerilya at ng kakayahan ng mga kumand sa antas larangan, prubinsya o rehiyon. Ang BHB ay nasa yuqto pa ng pagpaparami ng mga panlabang platun upang abutin at paunlarin ang gitnang yugto ng estratehikong depensiba at upang makapaglunsad ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya sa pambansang saklaw.

Libu-libo ang pultaym na mandirigma ng BHB sa buong bansa. Dagdag pa rito ang milisyang bayan bilang pwersang pulis sa mga lokalidad at mga yunit sa pagtatanggol-sa-sarili ng mga organisasyong masa. Ang milisyang bayan at mga yunit sa pagtatanggol-sasarili ay mga katuwang at reserba ng BHB. Di hamak na mas marami sila kaysa mga pultaym na mandirigma ng BHB. Makapagrerekrut ang BHB mula sa hanay nila basta't magkaroon sila ng sandata at kaakibat na pagsasanay pulitiko-militar. Agad na makapagpapalaki ang BHB kapag nakasamsam ng mga armas mula sa mga tropang kaaway sa pamamagitan ng mga ambus, reyd at operasyong pang-aaresto.

Hula nang hula ang mga upisyal ng depensa at militar ng kaaway na ang kabuuang lakas-riple ng BHB ay nasa pagitan ng 7,000 at 12,000. Kasabay nito, ipinangangalandakan nila na sa pamamagitan ng Lambat Bitag I, II at III ay matagumpay nilang naibagsak ang armadong lakas ng BHB mula 25,000 tungong 6,000 mula huling bahagi ng dekada 1980 hanggang maagang dekada 1990. Hindi ito totoo. Noong 1986, mayroon lamang 6,100 malalakas na riple ang BHB, nang walang anumang eksaktong pagbilang sa mga ripleng nawala sa Kampanyang Ahos noong 1985 at 1986. Bukod pa rito, napabayaan ang pagbubuo ng milisya at mga yunit sa pagtatanggol-sa-sarili.

Nagtagumpay lamang ang taktika ng konsentrasyon at gradual constriction (gradwal na paggipit) ng Lambat Bitag sa pagwasak sa malaking bahagi ng rebolusyonaryong baseng masa dahil nagpabitag sa kaaway ang mga nagpatupad ng maling linya ng di-napapanahong malalaking pormasyon at reqularisasyon sa pamamagitan ng pagpapakahon, pagpapabaya sa gawaing masa at paghihiwalay ng hukbong bayan sa masa. Iwinasto ito ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP) sa pagtatakda ng rekisito ng papalawak at papalalim na baseng masa para sa malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya.

Mula Setyembre 11, 2001, sumailalim ang rehimeng Arroyo sa dikta ng US na pag-ibayuhin ang mga kampanyang militar ng panunupil laban sa BHB at mamamayan alinsunod sa patakarang "gera laban sa terorismo" ng US at paggamit sa Pilipinas bilang "ikalawang larangan" ng naturang gera. Noong 2002, pormal na inilunsad ng rehimen ang Bantay Laya na nakapadron sa Lambat Bitag, upang magkonsentra ng pwersang militar sa ilang piling erya o larangang gerilva para sa estratehikong digmang mabilisang tinatapos at pagpapakat sa loob ng mga eryang ito ng mga laking-platun na special operations team (SOT) para dahan-dahang gipitin ang BHB sa pamamagitan ng mga operasyong kombat, saywar at paniktik.

Maaaring lubhang makapaminsala sa mamamayan ang konsentradong pwersang militar at pulis at mga death squad saan man sila magtuon ng pansin at magsustine ng operasyon. Pero sadyang wala silang sapat na lakas para saklawin ang lahat ng baryo sa bansa. Mayroon lamang 120,000 tropa ang reaksyunaryong AFP at 130,000 ang pambansang pulisya para masaklaw ang 85 milyong populasyon sa eryang 300,000 kilometro kwadrado. Ang istruktura ng pwersa ng kaaway ay mabigat sa itaas at 25% lamang ng mga tauhan nito ang maaaring ipakat sa mga larangan ng labanan sa isang takdang panahon. Mabigat din sa itaas ang istruktura ng pwersang pulis at ang mga tauhan nito sa baba ay hatihati sa tatlong relyebong tigwawalong oras.

Ang kabuuang pwersang maipapakat ng AFP ay kaya lamang sumaklaw ng iilandaang baryo sa buong bansa sa isang takdang panahon. Layunin ng Oplan Bantay Lava na magkonsentra ng mga armadong pwersa sa anim na rehiyon at sa kabuuang 600 baryo o sa abereyds na 100 baryo kada rehiyon para sa sustenidong operasyong militar hanggang madurog ang rebolusyonaryong armadong kilusan. Pero sa aktwal, hindi aabot sa 300 baryo ang kayang pakatan ng kaaway sa bawat takdang panahon. Napababayaan nila ang libu-libong

Nakatutulong sa pagpapaigting ng BHB ng mga taktikal na opensiba sa buong bansa ang mas matinding kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryo. baryo kung saan makakikilos at makapagpapalakas ang BHB.

May sariling paraan ang armadong pwersa ng kaaway para magdaqdaq nq lakas sa pakikipaqtulungan sa mga pulis at pribadong ahensyang panseguridad, pag-oorganisa ng mga yunit paramilitar tulad ng Citizens Armed Forces Geographical Units (CAFGU), civilian volunteer organization (CVO), barangay intelligence network (BIN) at mga panatikong kultong relihivoso at pag-upa ng mga taksil na tumalilis sa kanilang mga pananaqutang kriminal sa rebolusyonaryong kilusan. Subalit manipis ang latag ng mga ito at bulnerable sa opensibang pampulitika at militar ng BHB.

Ang di malutas-lutas na suliranin ng kaaway ay ang kabulukan at pagkakasadlak sa krisis ng kasalukuyang rehimen at buong naghaharing sistema at ang pagkamuhi rito ng mamamayan. Mismong mga upisyal at tauhan ng reaksyunaryong armadong pwersa at pulisya ay di nasisiyahan sa mababa nilang sweldo at kakulangan ng suplay para sa kanilang mga personal na pangangailangan at, masahol pa, sa korapsyon at iba pang gawaing kriminal ng kanilang pinakamatataas na upisyal. Ang marahas at masidhing kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryong paksyon sa pulitika na naq-aaqawan sa yaman at kapangyarihan ay nagreresulta na sa mga pagkakahati at bangayan sa loob ng AFP at pulisya.

Sa pagbibigay-pansin sa mga hangarin ng bayan, ang BHB ay na-kapagtatag ng napakaraming larangang gerilya at pinalalawak, pinatatatag at pinararami pa ang mga ito. Nagagamit ng BHB ang pleksibleng mga taktikang gerilya ng konsentrasyon upang atakehin ang mahihinang bahagi ng mga pwersang kaaway, dispersal upang gumanap ng gawaing masa at pagpapalipat-lipat upang hindi masukol

ng mas malakas na pwersa ng kaaway. Sa taktikal na antas, nakapagkokonsentra ng pwersa ang BHB at nagagamit nito ang elemento ng sorpresa laban sa mahihinang bahagi ng kaaway. May estratehikong superyoridad sa lakas militar ang kaaway, ngunit nagiging bulag at bingi ito dahil hindi suportado ng masa.

Noong mga taong 2002-2004, dumanas ng hirap ang mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa sa mga larangang gerilyang kinonsentrahan ng kaaway sa ilalim ng Oplan Bantay Laya. Pero kahit sa mga larangang gerilyang iyon, nasimulang kontrahin ang mga atake ng kaaway. Mula huling bahagi ng 2004 hanggang 2005, tumatag sa 120 and biland nd mda larandand gerilya. Nadagdagan pa ang mga ito mula noon. Bigo ang layunin ng Bantay Laya na mandurog ng 10-15 larangang gerilya bawat takdang panahon.

Tila nagtagumpay ang Oplan Lambat Bitag sa pagwasak ng malalaking tipak ng rebolusyonaryong baseng masa at pagpigil sa paglakas ng hukbong bayan mula huling bahagi ng dekada 1980 hanggang maaqang bahagi ng dekada 1990. Ngunit sa katunayan, nagpabitag sa kaaway ang mga "Kaliwang" oportunista sanhi ng maling linya ng "estratehikong kontra-opensiba" at "estratehiyang RAWA." Ang BHB ngayon ay nakahalaw ng mga aral at nakinabang sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at nagkamit ng matutunog na tagumpay sa pagbigo at paggapi sa Bantav Lava.

Dahil sa paglawak ng rebolusyonaryong baseng masa, nakagawa tayo ng mayor na mga hakbangin upang maagaw ang inisyatiba sa paglaban sa kaaway. Naidirihe natin ang mga kumand sa antas ng larangang gerilya, prubinsya at rehiyon na seryosohin ang gawaing pulitiko-militar, iwaksi ang konser-

batismo at tendensya o kaisipang rebeldeng lagalag at magdulot ng mga pamatay na dagok sa mga pwersang kaaway. Napatunayan natin na ang ating rebolusyonaryong estratehiya at taktika at ang pagkakaisa ng BHB at mamamayan sa pamamagitan ng organisadong baseng masa ay makadadaig sa pwersang militar at pulisya ng kaaway kahit sila ay di hamak na mas malaki, mas maraming rekurso, mas maraming pagsasanay at may pinakabagong kagamitan mula sa mga imperyalista.

Mula kalagitnaan ng Setyembre noong nakaraang taon, nakapaglunsad ang BHB ng pambansang koordinadong mga taktikal na opensiba alinsunod sa mga pangkalahatang patnubay upang ma-

agaw ang inisyatiba mula sa kaaway, mapabilis ang pag-agaw ng armas at sa gayo'y mapalawak ang BHB at mapabilis ang pagbabagsak ng rehimeng Arroyo. Batay sa inabot nang karanasan at lakas, maaaring magpatuloy nang puspusan ang pambansang mga taktikal na opensiba at tumungo sa bago't mas

mataas na antas.

Nakatutulong sa pagpapaigting ng BHB ng mga
taktikal na opensiba sa buong bansa ang mas matinding kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryo. Hinuhugot ng rehimeng Arroyo
ang mga pwersang militar at pulis
patungo sa pambansang kabisera
upang sansalain at labanan ang
posibilidad na mapabagsak ito ng
isang pag-aalsang bayan na may
kasabay na pag-uurong ng suportang militar at pulis, ng impeachment at paglilitis ng lehislatura o ng kudeta.

Ilang upisyal militar at pulis

ang nagpahayag ng pagnanais na magkaroon ng tigil-putukan, alyansa at pakikipaqtulungan sa rebolusyonaryong kilusan laban sa rehimen. Tinanggap naman ng BHB ang kanilang mabuting hangarin. Nagtalaga ang Partido ng mga kadreng gaganap ng lihim na rebolusyonaryong gawain sa loob ng reaksyunaryong militar at pulisya. Nangunguna rito ang isang espesyal na kawanihan. Muling binuhay ang Lt. Crispin Tagamolila Movement upang hikayatin ang mga upisyal at tauhan ng kaaway na lumipat sa paniq ng mamamayan. Inaasahan ding sa hanay ng mga tauhan ng militar at pulisya ay mabubuo ang sariling hayag na demokratikong kilusan upang ipagtanggol at itaquyod ang kanilang

mga karapatan at lehitimong interes laban sa bulok na naghaharing sistema.

Mabilis na lumawak ang malapad na nagkakaisang prente ng mga pwersang anti-Arroyo at kilusang masa sa pamamagitan ng mapayapa at militanteng mga aksyong masa para patalsikin ang rehimeng Arroyo. Subalit tinugon ito ng rehimen sa pamamagitan ng pag-angkin ng mga kapangyarihang pambatas-militar sa ngalan ng Proclamation 1017

na nagdeklara ng state of national emergency at gumamit ito ng mabangis na pwersa upang mambuwag ng mga aksyong masa, mang-aresto ng mga progresibong lider nang walang mandamyento, mangreyd ng mga upisina ng mga dyaryo at magbantang kontrolin ang mga empresang pag-aari ng mga negosyanteng anti-Arroyo.

Upang bigyang-matwid ang Proclamation 1017 at ang nagpapatuloy na patakarang terorismo ng estado, inimbento ng rehimeng Ar-

royo ang kwento ng sabwatang komunista-militar para sa kudetang nabigo umano ng rehinoonq men Pebrero 24. Nanunulsol ito ng isteryang antikomunista upang biqyang-matwid ang mapaniil na mqa hakbangin para ma-

kapanatili sa poder. Ang listahan ng mga negosyador, konsultant, istap at iba pang awtorisadong tauhan ng NDFP sa ilalim ng GRP-NDFP Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) ay ginawa nitong listahan ng mga aarestuhin at ganap na nitong tinapos ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines. Hindi na muling maitutuloy ang usapan hangga't walang bagong qubyerno sa Maynila na magmumungkahi sa NDFP na ipagpatuloy ito.

Sa harap ng nag-iibayong panunupil, nagnanais ang malawak na masa ng sambayanan na lumahok at sumuporta sa armadong kilusan. Mabilis na umuunlad ang nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka. Pinupwersa ng rehimeng Arroyo ang mga lider at aktibista ng kilusang masa na kumilos nang lihim at lumahok sa armadong rebolusyonaryong kilusan. Nag-aalok ang mga alyado ng pakikipaqtulungan sa BHB upang makapagdulot ito ng mas epektibong mga dagok sa kaaway. Natataranta ang rehimeng Arrovo sa posibilidad na talikuran ito ng mayorya ng mga upisyal ng militar at pulisya oras na sumiklab ang isang malaking pag-aalsang masa sa EDSA man o

sa paliqid nq palasyo nq presidente. Nagsasagawa ito ng witchhunt (panunugis) sa hanay ng militar at pulisva at nag-iimbento ng mga kasong pagpapakana ng kudeta laban sa mga upisyal na hinihinalang nasa panig oposinq syon. Basta na lamang silang inaaresto, ibinibimbin sa kampo, inilalagay sa "floating status," ibinababa ng ranggo o itinitiwalaq.

Alam nating higit na lumalakas ang anti-Arroyong agos sa loob ng AFP at pulisya. Subalit nasisikil ang mga ito at pinagiisipan ng mga grupong anti-Arroyo kung paano bubwelta. Karamihan sa mga grupo ay naghihintay ng pagkakataong tumalikod sa rehimen. Pinag-iisipan naman ng ilang grupo na maglunsad ng mga atakeng militar upang ipakita ang kawalang-kakayahang mamuno ng rehimen, dakpin ang presidenteng nang-agaw ng awtoridad sa pamamagitan ng pandaraya sa eleksyon, o kaya'y maglunsad ng kudeta laban dito.

Bukod sa mga grupong anti-Arrovo sa militar at pulisya, may maliliit ding grupong armado sa Mindanao, Visayas at Luzon na nais ding magsagawa ng mga aksyong panabotahe laban sa mga instalasyon at pasilidad ng rehimeng Arroyo at mga tagasuporta nitong dayuhan at lokal na korporasyon. Nananawagan tayo sa lahat ng armadong grupong lumalaban kay Arrovo na huwag gumawa ng mga aksyong militar na ang populasyong sibilyan o ang kalikasan ang tangi pangunahing mapeperwisyo. Kung hindi, hindi sila maituturing na kumikilos para sa interes ng bavan.

Sa panig ng BHB, sinusunod nito ang palagiang patakaran at linya ng Partido na magdulot ng mga pamatay na dagok sa kaaway sa pinakapresisong paraang posible, upang pangalagaan at itaguyod ang pambansa at demokratikong karapatan at interes ng mamamayan at mag-ipon ng mga tagumpay na pampulitika, pangmilitar, sosyoekonomiko at pangkultura para sa pasulong na martsa at ganap na tagumpay ng bagong demokratikong rebolusyon.

### Mga patnubay para sa pagpapabilis ng mga opensiba

Sa pamumuno ng Partido at bilang tugon sa hinihinging rebolusyonaryong pagbabago ng sambayanang Pilipino, dapat patuloy na paigtingin ng BHB ang mga taktikal na opensiba nito laban sa mga pwersang militar at pulis ng reaksyunaryong estado, maliban sa mga malinaw na nagpapakita ng pagtutol sa rehimeng Arroyo. Kagyat na layunin ng mga taktikal na opensiba ang pagpapahina at pagbabagsak sa rehimeng Arroyo ngunit ang mga ito ay naglalayon ding palakasin pa ang mga rebolusyonaryong pwersa at isulong ang demokratikong rebolusyong bayan laban sa buong naghaharing sistema.

Imposibleng mapatalsik ng mamamayan at malawak na nagkakaisang prente ng mga pwersang anti-Arroyo ang rehimen sa relatibong mapayapang paraan kung hindi ito tatalikuran ng militar at pulisya katulad ng naganap sa Edsa 1 noong 1986 at Edsa 2 noong 2001. Kung hindi magaganap ang gayong pagtalikod, patulov na masosolo ng rehimeng Arroyo ang kontrol sa reaksyunaryong pwersang militar at pulis sa pamamagitan ng chain of command at madali nitong masisikil ang mga karapatang sibil at pampulitika at masusupil ang mga aksyong masa katulad ng ginawa nito noong Pebrero 24.

Ninanais ng bayan at ng mga

rebolusyonaryong pwersa na pabilisin ang pagbagsak ng rehimeng Arroyo. Nasusuklam sila sa mga krimen ng rehimen. Ang kasalukuyang malawak na nagkakaisang prente ng mga partido pulitikal ng oposisyon, mga demokratikong organisasyong masa at mga anti-Arrovong seksyon sa loob ng reaksyunaryong militar at pulisya ay may sapat na potensyal na lakas para ibagsak ang rehimen. Ngunit nakapananatili pa ang rehimen sa kapangyarihan sa pamamagitan ng makinaryang burukratiko at militar ng estado at sa pamamagitan ng pakikipagsabwatan at pakikipagpalitan ng pabor sa mga imperyalistang US at pinakareaksyunaryong mga institusyon, partikular ang pinakamatataas na upisyal ng dominanteng Simbahang Katoliko at mga samahan ng malalaking negosyante, mga dayuhang kumpanyang multinasyunal at malalaking kumprador.

Ito ang mga pwersang nagbigay-daan upang tumagal nang 14 na taon ang pasistang diktadurang Marcos. Ipinangangalandakan nilang sila ang pangunahing nagbagsak sa diktadura. Ngunit ang totoo, binitiwan lang nila ang diktadura nang maging pabigat na ito at wala nang pakinabang. Nais nila noong salagin ang banta ng rebolusyonaryong kilusang masa at ng hukbong bayan sa buong naghaharing sistema. Alam ng

naghaharing pangkating
Arroyo ang pasikutsikot ng sistema ng
malalaking kumprador
at panginoong maylupa
na kontrolado ng
US. Kaya gumagayak itong gamitin ang pakanang pagpapalit sa konstitusyon hindi lamang para tuma-

gal pa sa poder

kundi magkaroon din ng ala-Marcos na kapangyarihang pandiktador kapalit ng mga amyendang nais ng US at mga lokal na mapagsamantalang uri.

Sa isang banda, masama ang patuloy na pananatili ng rehimeng Arroyo sa kapangyarihan. Ngunit sa kabilang banda ay mabuti rin ito dahil ang malaon nang bulok na sistema ay pinalalala ng isang rehimen kung saan pinakakonsentrado ang umaalingasaw na kabulukan sa sistema. Ang katotohanang nakapananatili lamang ito sa poder sa pamamagitan ng lantarang karahasan at panlilinlang ay nagpapatunay sa pangangailangang maglunsad ng armadong rebolusyon. Ang kagyat na kilusan para sa pagbabagsak ng rehimeng Arroyo sa pamamagitan ng ligal na pakikibaka ay umaayon sa pangmatagalang kilusan para sa pagbabagsak ng buong naghaharing sistema sa pamamagitan ng armadong rebolusvon.

Ang armadong pwersa ng kaaway ay nakalalamang sa hukbong bayan sa bilang ng tropa, kasanayang militar, kagamitan at rekursong pinansyal. Angkop sa kanilang katayuan na maglunsad ng estratehikong opensiba o digmang madaling tinatapos laban sa huk-

> bong bayan. Ngunit napakalimitado ng kanilang lakas relatibo sa ating estratehiya at taktika at sa panlipunan at pisikal na tereyn para sa maniobra ng BHB. Ang estratehikong linya natin ay matagalang digmang bayan at ang kasalukuyang mga taktika natin ay kinatatampukan ng mga taktikal na opensiba sa loob ng estratehikong depensiba. Ang BHB ay nakabase sa hanay ng masang magsasaka at

may malawak na maniobrahan sa kanayunan. Sampu laban sa isa ang estratehikong lamang ng mga pwersang kaaway sa BHB. Ngunit sa taktikal na antas, nagagawa nating lamangan ang kaaway nang sampu laban sa isa kaya nakapaglulunsad tayo ng mga madaliang pagsalakay.

Dapat maglunsad ang BHB ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa. Dapat nating pahinugin ang gitnang yugto ng estratehikong depensiba sa pamamagitan ng pagpapalawak, pagpapatatag at pagpaparami ng mga larangang gerilya, pagpaparami ng ating mga panlabang platun at madalas na pagpapakilos sa kanila laban sa kaaway at sa pambansang saklaw upang lipulin at disarmahan ang kaaway. Kasabay nito, dapat pleksible tayong gumamit ng maliliit na tim at iskwad (sa mga operasyong isnayping, pananabotahe at pagpaparusa) gayundin ng mga pinalaking platun at mga kumpanya, depende sa katangian at itinatakda ng misyon.

Dapat nating buuin ang mga kumand sa operasyon ng BHB sa antas ng larangang gerilya, prubinsya at rehivon upang mapangibabawan ang disbentahe ng matagal na paqtutuon lamang ng pansin sa gawaing masa at pagkahirati sa manera ng pakat at pagkilos ng mga sandatahang pampropagandang iskwad at tim na tinukoy bilang konserbatismo at kaisipang rebeldeng lagalag. Bawat kumand sa antas larangan, prubinsya at rehivon av maaaring magkaroon ng isang platun man lamang bilang pwersang panlaban, magpaunlad ng kakayahan (kasanayang pulitiko-militar, paniktik, operasyon, ordnans, serbisyong medikal at iba pa) at mag-ambag sa pagpapadalas ng mga taktikal na opensiba.

Dapat nating imantine ang inisyatiba sa pakikipaglaban sa kaaway. Magagawa natin ito dahil mayroon tayong baseng masang lunsaran ng ating mga taktikal na opensiba at napagmamaniobrahan natin, anuman ang kinakailangang taktika—maging pagkokonsentra, paghihiwa-hiwalay o pagpapalipatlipat.

Lagi nating maoobserbahan ang mga pwersa ng kaaway upang tuklasin ang kanilang mga kahinaan. Maitatakda natin ang pagkakataon at lugar para tipunin ang ating pwersa at dulutan ng pamatay na bigwas ang target. Maaari nating buyuhin ang kaaway upang magkamali at mabulabog ang pakat ng mga estratehiko at taktikal na yunit nito.

Mga labang kaya nating ipagtagumpay lamang ang dapat nating ilunsad. Hindi tayo dapat sumuong sa mga labanang hindi mapagpasya, na hindi natin kayang ipanalo. Dapat nating iwasang malagay sa mga labanang dehadong-dehado tayo. Dapat tayong maglunsad ng mga operasyong ambus, reyd at pang-aaresto kung saan tayo ang mapagpasya sa pamamagitan ng pagtitipon ng superyor na pwersa at paggamit sa elemento ng sorpresa. Dapat natin itong gawin sa bilis at lawak na makalilito sa kaaway kung saan at paano aagawin ang inisyatiba.

Kapag umaabante ang kaaway nang may superyor na pwersang naghahanap ng laban, hindi natin sila dapat salubungin gamit ang pwersa ng BHB na madali nilang makikita, masusukol at madudurog. Mapipinsalaan natin ang umaabanteng pwersa ng kaaway sa pamamagitan ng mga land mine, maliliit na tim at mga isnayper. Kapag nakahimpil ang kaaway, pwede natin silang harasin at huwag payagang makapagpahinga. Kapag umaatras sila, alam natin kung saan sila mabibira nang matindi batay sa impormasyong nalikom natin tungkol sa kanilang kilos.

Dapat nating ipagpatuloy ang mga taktikal na opensiba sa buong bansa. Gawin natin ito alinsunod sa mga pangkalahatang patnubay mula sa sentro ng Partido at pambansang kumand ng BHB. Alinsunod sa malaon nang patakaran ng desentralisadong operasyon, dapat pakinabangan ng BHB sa iba't ibang larangang gerilya, prubinsya at rehiyon ang sarisaring pleksibleng taktika, gamit ang iba't ibang tipo ng panlabang yunit at sandata. May mga taktikal

at sandata. May mga takti na opensibang angkop sa saklaw at kakayahan ng BHB sa isang takdang antas ng kumand. Maaaring ipanukala sa nakatataas na antas ng kumand

ang mga taktikal na opensibang nangangailangan ng pwersang mas malaki sa taglay ng isang takdang antas, kalakip ang sapat na naipong paniktik

at napapanahong impormasyon ukol sa target.

Dapat nating paramihin ang mga taktikal na opensiba para makasamsam ng armas. Gawin natin ito sa pamamagitan ng mga reyd, ambus at pang-aaresto laban sa mga vunit at elemento ng militar, pulisya, paramilitar at pribadong ahensyang panseguridad. Kailangan natin ang mas maraming sandata upang makabuo ng dagdag na mga panlabang vunit ng BHB at itaas ang antas ng digmang bayan. Habang nag-iibayo ang panunupil sa mga puting purok, umaasa tayong makapagpasampa sa BHB ng mas maraming kadre at kasapi ng Partido at mga aktibistang masa.

Dapat tayong magpursigi sa paglipol, atrisyon at paglalansag sa mga pwersa ng kaaway. Binibigyan natin ng pangunahing diin ang mga taktika ng paglipol na nakapagpapalitaw ng pinakamaraming armas. Ngunit oras na mapawi na ang usok ng labanan, maayos nating tinatrato ang mga nakaligtas na kaaway at ginagamot ang mga nasugatan. Habang nagaganap ang labanan, maaaring pasukuin ang mga tauhan ng kaaway. Hangga't maaari, hindi natin pinuputukan ang yunit o elemento ng kaaway na kaya nating disarmahan nang walang putok.

Maparurusahan natin nang husto ang kaaway sa pamamagitan ng mga aksyong atritibo. Dapat nating

matyagan at pag-aralan ang mga linya at moda ng transportasyon, mga bodega at iba pang pasilidad na mahalaga sa kontra-rebolusyonaryong digma ng kaaway. Dapat nating atakehin ang mga ito sa dalas na kinakailangan upang pahinain at durugin ang kakayahang pandigma ng mga pwersang kaaway at pwersahin silang lumagay sa depen-

siba, magtalaga ng dagdag na taliba at bawasan ang bilang ng mga sundalong maipapakat sa larangan.

Dapat nating pagwatak-watakin ang mga tauhan ng kaaway sa pamamagitan ng iba't ibang taktika. Dapat nating tiyaking naaabot ng ating rebolusyonaryong propaganda ang mga tropa ng kaaway. Ipinaaalala natin sa kanila ang api at pinagsasamantalahang kalagayan ng kanilang mga pamilya at ng masang anakpawis at hinihikayat natin silang lumahok sa armadong pakikibaka. Inaalok natin sila ng tiqil-putukan, alvansa at paqtutulungan laban sa kinamumuhiang rehimeng Arroyo, Pinalalaganap natin ang balitang hindi natin sinasalakay ang mga yunit ng kaaway na nagpapamalas ng palatandaan ng pagkontra sa rehimen. Nirerespeto natin ang pagsuko ng mga kaaway na sundalo kahit sa gitna ng labanan. Magaan nating tinatrato ang ating mga bihag alinsunod sa internasyunal na makataong batas.

Hindi natin dapat bigyang-puwang ang pinakamasasahol na reaksyunaryo: yaong may pinakamalaking pananagutan sa pagdidirihe at pagsasagawa ng panunupil, paglabag sa karapatang-tao, pandarambong, paninira sa kalikasan at pagtutulak ng droga. Batav sa reklamo ng mga biktima, ng Partido o ng kinauukulang organo ng kapangyarihang pampulitika, dapat mag-isyu ang hukumang bayan ng mandamyento para sa pag-aresto, pagrerekisa at pagkumpiska na ipatutupad ng BHB. Kung ang pinaghihinalaang kriminal ay armado at mapanganib o may mga armadong kasamahan, inaawtorisa ang BHB na gumamit ng kinakailangang pwersa upang igupo ang anumang paqlaban.

Sa harap ng lahat ng mapanupil na mga hakbang ng rehimeng Arroyo, dapat magpunyagi ang mamamayan at ang malawak na nagkakaisang prente ng mga ligal na pwersang anti-Arroyo sa paggamit sa kanilang mga karapatang sibil at pampulitika at magsagawa ng mga aksyong masa upang ipagtanggol ang mga karapatang pambansa at demokratiko. Alam nila kung gaano kahiwalay at kahina ang katayuan ng rehimen at may mahahalaw sila sa kanilang mayamang karanasan sa ligal na pakikibaka noong panahon ng pasistang diktadurang Marcos.

Magkaiba ang nagkakaisang prente para sa ligal na pakikibaka at ang nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka, ngunit may dugtungan, interaksyon at pagtutulugan ang dalawa. Pinupukaw at pinakikilos ng malawak na nagkakaisang prente para sa ligal na pakikibaka ang milyun-milyong mamamayan para ihiwalay at pahinain ang kaaway. Ipinakikita ng mga sarbey na 65-85% ng mamamayan ang nagnanais na mapatalsik ang rehimeng Arroyo. Pinaluluwag ng

malawak na nagkakaisang prente para sa ligal na pakikibaka ang daan para sa nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka, na siyang pangunahing aspeto ng nagkakaisang prente para ibagsak ang kasalukuyang rehimen at ang buong naghaharing sistema.

Ang mga lider at kasapi ng mga patriyotiko at progresibong pwersa na nahaharap sa pinakamalaking banta ng panunupil tulad ng pagdukot, tortyur at pagpaslang ay maaaring lumipat sa rebolusyonaryong kilusang lihim at tumuloy sa larangan ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Ikaluluqod rin natin kung magkakaroon ang mga alyado ng papel at ambag sa armadong pakikibaka. Handa ang mga rebolusyonaryong pwersa na makipag-usap at makipagkasundo sa mga anti-Arroyong grupo ng mga upisyal militar at pulis ukol sa mga repormang panlipunan, pang-ekonomya at pampulitika at kung paano isasakatuparan ang mga ito.

Ang rebolusyonaryong patakaran sa pakikipagkaisang prente ay kumprehensibong anti-impervalista, antipyudal at antipasista bagamat pana-panahon ay naqtutuon ito sa isang makitid na target tulad ng rehimeng Arroyo (ang punong kinatawan ng mga nagsasamantalang uri) at lumalawak upang ibilang ang ilang bahagi ng mga reaksyunaryong pwersa laban sa target na komun. Sa kalagayang may malawak na nagkakaisang prente, bilang prinsipyo ay dapat magpakatataq ang mga rebolusyonaryong pwersa sa pagtataguyod ng rebolusyonaryong linyang makauri at pagmamantine ng independensya at inisyatiba habang pleksible sa patakaran at taktika.

Ang rebolusyonaryong patakaran sa pakikipagkaisang prente ay

nakabatay sa alyansang manggagawa-magsasaka, na pinamumunuan ng PKP at may hukbong bayan. Ang rebolusyonaryong nagkakaisang prente ay pinalalawak sa pamamagitan ng karagdagang pakikipagalyansa, tulad ng progresibong pakikipag-alyansa ng masang anakpawis sa patiburgesyang lunsod, patriyotikong pakikipag-alyansa sa pambansang burgesya at pansa-

mantalang pakikipag-alyansa sa mga bahagi ng mga nag-sasamantalang uring kontra sa kaaway na pinakamasahol sa mga reaksyunaryong sunud-sunuran sa imperyalismo.

Labis na ikinababahala ng rehimeng Arroyo ang malawak na nagkakaisang prente at kilusang masa sa pambansang kabisera at ang pagkakaroon ng ilang anti-Arroyong grupo ng mga upisyal

sa hanay ng militar at pulisya. Kaya para proteksyunan ang sarili, nagpapakat ito sa Kamaynilaan ng dagdag na mga tropa sa ilalim ng mga upisyal na itinuturing nitong matapat. May tunguhing mabawasan ang bilang ng mga tropang nakapakat laban sa BHB sa kanayunan. Sinisikap ng rehimen na patatagin ang tigil-putukan sa MILF at pahusayin ang relasyon nito sa MNLF (Misuari) upang makapagdagdag ng mga tropang maipapakat laban sa BHB. Ngunit tiwala tayong paiigtingin ng sambayanang Moro ang kanilang armadong pakikibaka habang dinudulutan natin ng mga pamatay na bigwas ang komun na kaaway.

Sa pagdami ng mga grupong anti-Arroyo sa loob ng militar at pulisya, may ilang grupong nagnanais magsagawa ng mga aksyong pamarusa at pananabotahe sa Kamaynilaan at mga syudad sa prubinsya upang maipakita raw ang kawalang-kakayahang maghari ng rehimeng Arroyo. Wala tayo sa ka-

tayuan para pigilan sila sa kanilang balak gawin. Ngunit hayagan natin silang pinapayuhang iwasang makapinsala ng mga sibilyan sa proseso ng pamamarusa at pananabotahe sa mga piling target.

Upang hindi maibintang sa Partido at BHB ang mga aksyon ng mga anti-Arroyong grupong militar at pulis sa Kamaynilaan, binibigyang-diin natin ngayon na gaano man ang abuting karahasan ng rehimeng Arroyo sa Kamaynilaan, naninindigan ang PKP at BHB na ang anyo ng pakikibaka sa kalunsuran ay liqal at depensibo at ang larangan ng armadong pakikibaka sa ngayon ay nasa kanayunan. Gayunman, naririyan ang mga armadong partisadong lunsod at iba pang ispesyal na pangkat ng rebolusyonaryong kilusan para parusahan ang pinakamasasahol na reaksyunaryo nasaan man silang dako ng bansa.

Ang rehimeng Arroyo ay lumilikha ng nag-aalimpuyong karahasan sa Kamaynilaan upang bigvang-katwiran ang paggamit nito ng makahayop na pwersa para supilin ang mamamayan, ang mga partidong oposisyon, ang mga demokratikong organisasyong masa, ang midya at iba pa. Dapat makabwelo nang husto ang gayong malawak na hanay sa paglulunsad ng ligal na pakikibaka sa rehimen. Maaari tayong magsagawa ng mga aksyong pamarusa sa kaaway sa kalunsuran. Ngunit lagi nating dapat linawin ang makatarungang katangian ng gayong mga aksyon at tiyaking ang dalas ng mga iyon ay hindi babangga sa pangunahing ligal at depensibong katangian ng pakikibaka sa kalunsuran.

Upang bigyang-matwid ang pag-iisyu ng Proclamation 1017 at ang paghahasik ng kalupitan, inimbento ng rehimeng Arroyo ang kwento ng alyansa para sa kudeta sa pagitan ng mga komunista at maka-Kanang militar. Walang pasubali at mariing tumututol ang mga rebolusyonaryong pwersa sa anumang kudeta ng anumang anti-Arroyong grupo ng mga pwersang militar at pulis. Ngunit katulad ng mga ligal na demokratikong pwersa at mga partidong oposisyon, nais ng mga rebolusyonaryong pwersa na respetuhin ng mga pwersang militar at pulis ng reaksyunaryong estado ang karapatan ng mamamayan sa malayang pamamahayag at pagtitipon, na talikuran nila ang rehimen, na itaquyod nila ang prinsipyo ng kataas-taasang kapangyarihang sibilyan, na suportahan nila ang pagtatayo ng isang bagong gubyernong sibilyan at sang-ayunan nila ang pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan ng GRP at NDFP.

Maaasahan nating mag-iibayo pa ang karahasan ng rehimeng Arroyo sa buong bansa, kapwa sa kalunsuran at kanayunan. Nasasaksihan na natin ang malulupit na operasyon ng mga regular na yunit militar at pulis at ng mga death squad at iba pang iregular na yunit. Galit ang sambayanang Pilipino at mga mamamayan ng daigdig sa lansa-

kang mga paglabag sa karapatangtao. Ngunit hindi sapat na magprotesta. Kinakailangan ang gitgitang labanan at ang pagpapaigting at pagtataas ng antas ng digmang bavan.

Ang malawak na masa ng sambayanan ay naglulunsad ng pakikibakang umaasa sa sarili para sa pambansang pagpapalaya at demokrasya. Makatarungan ang ating ipinaglalaban. Nagtatamasa ito ng saganang suportang moral at pulitikal mula sa mamamayan sa lahat ng dako ng daigdig. Higit pa tayong nagsisikap na makatamo ng bago at mas mataas na antas ng suportang internasyunal. Lagi't lagi nating itinuturing na tungkulin na mag-ambag sa pandaigdigang pakikibaka laban sa imperyalismo at reaksyon.

Higit pang lalakas ang BHB sa pamamagitan ng pagpapaigting ng armadong pakikibaka, pagpapatupad ng reporma sa lupa sa mas malawak na saklaw at pagtatayo ng mas matatag na baseng masa. Buo ang kapasyahan nitong sumulong mula isang subyugto tungo sa isa pa at mula sa isang yuqto tungo sa isa pa sa pagsusulong ng matagalang digmang bayan alinsunod sa linya ng bagong demokratikong rebolusyon laban sa imperyalismong US at mga lokal na nagsasamantalang uri. Tinatanaw natin ang ganap na tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan at ang pagsisimula ng sosyalistang rebolusyon sa mahabang paglalakbay patungong komunismo. AB

Espesyal na isyu Marso 29, 2006 www.philippinerevolution.org


# Makibaka upang pabilisin ang pagpapatalsik sa rehimeng Arroyo at upang palakasin ang rebolusyonaryong kilusan

Mensahe ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas sa mga kadre ng Partido, Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan

Sa ngalan ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), ipinapahayag ng Komite Sentral ang pinakamainit na rebolusyonaryong pagbati sa mga kadre ng Partido, Pulang kumander at mandirigma sa masayang okasyon ng ika-37 anibersaryo ng pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Nagpupugay kami sa inyo sa mga tagumpay sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng sambayanang Pilipino sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan laban sa imperyalismong US at mga lokal na mapagsamantalang uring malalaking kumprador at panginoong maylupa.

Pinararangalan namin ang lahat ng kadre ng Partido, mga Pulang kumander at mandirigma na nagambag sa mga tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan mula 1969. Binabati namin kayo sa inyong mga nakamit sa gawaing masa at pagsusulong ng digmang bayan noong nakaraang taon. Pinupuri namin ang lahat ng Pulang kumander at mandirigma sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba sa buong bansa.

Iginagawad namin ang pinakamataas na parangal sa ating mga rebolusyonaryong martir. Inspirasyon natin ang kanilang kabayanihan, pagpupunyagi at pagsasakripisyo. Gawin natin silang huwaran at ibayong bigyan ng kahulugan at katarungan ang kanilang pagkamartir sa pamamagitan ng magiting at puspusang pakikipaglaban. Batay sa natipon nating



## Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang Advanced
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*